



Para sa mga dayuhang nagtatrabaho sa mga kumpanya

Impormasyon ukol sa coronavirus (covid-19) infection

Kahit na lumalala ang lagay ng mga kumpanya dahil sa coronavirus (covid-19), hindi pinapayagang tratuhin nang mas mababa kaysa sa mga Hapon ang mga dayuhang manggagawa sa dahilan ng kanilang pagiging dayuhan.

1. Tulad ng sa mga manggagawang Hapon, ang leave allowance na ibinibigay sa mga manggagawa sa oras na sila ay pinag-leave dahil sa kalagayan ng kumpanya ay dapat ding ibigay sa mga dayuhang manggagawa.
2. Tulad ng sa mga manggagawang Hapon, kung ikaw ay kukuha ng leave sa kumpanya dahil sa pagsuspende ng klase ng paaralan ng iyong anak, maari kang gumamit ng paid vacation leave.
3. Tulad ng sa mga manggagawang Hapon, ang mga subsidiyang binabayaran ng estado sa mga kumpanya upang maprotektahan ang trabaho ng mga manggagawa ay magagamit din ng mga dayuhang manggagawa.
4. Ang pagsisisante ay hindi basta bastang magagawa ng isang kumpanya. Kung magsisisante ang isang kumpanya ng dayuhang manggagawa, kailangang kapareho ng sa mga Hapon na manggagawa ang mga patakarang gagamitin.

Kung kailangan ninyo ng tulong, komunsulta lamang sa inyong lokal na Labour Bureau, Labour Standards Inspection Office o sa Hello Work.

Sa mga dayuhang estudyanteng magtatapos mula sa mga paaralang Hapon ngayong Marso

Ikaw ba ay napangakuan isang Hapon na kumpanya na magsisimula ang iyong trabaho mula Abril ngunit biglang nasabihan na, "Hindi maaring magsimula ng trabaho sa Abril"

Sa oras na mangyari sa iyo ito, mangyaring kumonsulta sa pinakamalapit na Hello Work. Ang Hello Work ay nagsasabi sa mga kumpanya na "Mangyaring pagtrabahuhin ang lahat simula Abril", at tumutulong din ito upang makahanap ng trabaho ang lahat. Kung kayo naman ay nag-aalala tungkol sa inyong magiging status of residence mula sa Abril, mangyaring komunsulta sa pinakamalapit na Immigration Bureau.

Konsultasyon sa pamumuhay

Ang FICEC ay tumatanggap ng mga pagpapayo at konsultasyon sa pang-araw araw na pamumuhay mula Lunes~ Biyernes, 10 a.m. ~ 4 p.m.
Mga halimbawa:



Ms. A: Naghahanap ako ng lilipatang bahay kaya pumunta ako sa city hall ng F City, pero hindi sila umayon sa aking paglilipat

Kung nais ninyong lumipat ng tirahan : (1)Una, maghanap kayo ng bagong tirahan, pagkatapos ay pumunta sa city hall at magsumite ng abiso ng paglilipat para makakuha ng sertipiko ng pag-alis. **(sa loob ng 14 araw bago o pagkatapos makalipat)** (2)Pagkalipat, magsadya sa bagong city hall at isumite ang abiso ng paglilipat at sertipiko ng pag-alis **(sa loob ng 14 araw pagkatapos lumipat)**).

Sa kaso ni Ms. A, hindi sya inaprubahan ng city hall dahil wala pa syang siguradong lilipatang tirahan. Kung lilipat ng tirahan, huwag kaligtaan ang pagsagawa ng proseso ng abiso sa pag-alis at paglipat sa loob ng 14 araw bago o pagkatapos lumipat. Kung lilipat kayo sa loob ng parehong syudad, kailangan lamang ipagbigay alam ang bagong address.

Ms. B: Under provisional release. Dahil hirap ako sa pamumuhay, pumunta ako sa city hall para mag-apply para sa programa ng welfare pero ako ay tinanggihan.

Mga permanent residents, asawa ng permanent residents, asawa ng Hapon, special permanent residents at certified refugees lamang ang pinapayagang mag-apply sa welfare.

*Under provisional release: tumutukoy sa taong nahuli ng immigration bureau dahil sa lumagpas na ang visa at iba pa, subalit nabigyan ng pansamantalang paglaya dahil sa pagkakasakit o iba pang dahilan kagaya ng kalagayan ng pamilya at iba pa.

Sa Fujimino-shi at Miyoshi-machi ang pagtapon ng malalaking basura ay may kaukulang bayad



- Kung ilalagay sa palagiang tapunan ng basura
 - (1) Tumawag sa City Environment Division 049-257-8612, ipaalang ang klase ng basura, gaano karami, at kung kailan ipapahakot. Bibigyan kayo ng numero ng pagkuha.
 - (2) Maaari ding bumili ng “sticker tickets” bilang kabayaran sa paghakot ng malalaking basura sa city/public facilities o sa convenience stores (sa ngayon ay pina-plano).
Halimbawa: folding bed 1000-yen, bisekleta 500-yen
 - (3) Idikit ang stickers sa malalaking basura at ilabas sa takdang araw ng pagkolekta ng malalaking basura.
- Maari ding dalhin mismo sa environmental center ang malakihang basura. Lagyan ng biniling sticker at hindi na kailangang mag-apply. Kung kayo mismo ang magdadala, kalahati lang ang babayaran.
- Para huwag magkaroon ng problema sa mga kapitbahay, iwasan ang paglabas ng malalaking basura na walang sticker tickets.

Huwag kaligtaan ang pagpa-bakuna ng inyong anak!

Habang ang sanggol ay ipinagbubuntis pa lang ay mayroon pa itong imunisasyon sa sakit galing sa ina. Subalit unti-unti itong natural na nawawala, kung kaya’t pag tumuntong ng 2 buwan gulang ay kailangan na ng pagpabakuna ng bata. May takdang panahon ng pagpabakuna na angkop sa klase ng bakuna, edad ng bata at ng pagitan ng pagbakuna at ito ay libre.

Dalhin ang handbook ng ina at sanggol sa pagpunta sa ospital at magkunsulta para sa pagpabakuna.

Kung wala pang handbook, magsadya inyong health center.

Nangangailangan ng mga interpreters at translators sa English, Chinese, Tagalog, French at Nepali

Mababasa araw-araw!

NEWS WEB EASY

Mga balita sa simpleng Nihongo



NHK WORLD-JAPAN

Mga balita sa iba’t ibang wika



Tumatanggap ng translations

◆Ang FICEC ay tumatanggap ng translations sa Nihongo ng mga dokumento kagaya ng single status certificates, birth certificates at iba pa. ¥2000 kada isang papel ng dokumento.

◆Translations ng iba pang documents ay ¥3000 kada A4 size paper.